SB

SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

PROVINCE OF BULACAN
OFFICE OF THE SECRETARY
OFFICIAL RECEIVED
DATE: 6-20-23
TIME: 2:45 PM
BY: ROG

# PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 2023-12

**"NAGPAPATIBAY SA MULING PAG-UURI (RECLASSIFICATION) NG LUPANG ISINASALARAWAN SA TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 039-2021001339 NA MAY KABUUANG SUKAT NA SIYAM NA LIBO DALAWANG DAAN AT PITUMPU'T ISANG METRO KWADRADO (9,271 SQ.M.), NA PAGMAMAY-ARI NI G. VINCENT L. YU, NA NAKADATAL SA BARANGAY BUISAN, BUSTOS, BULACAN MULA AGRIKULTURAL TUNGO SA AGRO INDUSTRIAL."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Soliman C. Santos**
*Tagapangulo*
**Lupon sa Pagawaing Bayan, Pagamit ng Lupa at Pabahay**

---

**SAPAGKA'T,** alinsunod sa Seksiyon 20 ng Republic Act 7160, kilala din bilang Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Sangguniang Bayan ay binibigyang kapangyarihan na muling uriin ang mga lupang sakahan at itakda ang pamamaraan ng paggamit nito;

**SAPAGKA'T**, nagsumite ng kahilingan si G. Vincent L. Yu para sa muling pag-uri o pagreklasipika ng lupang isinasalarawan sa Transfer Certificate of Title No. 039-2021001339 na may kabuuang sukat na siyam na libo dalawang daan at pitumpu't isang metro kwadrado (9,271 SQ.M.), na nakadatal sa Barangay Buisan, Bustos, Bulacan mula agrikultural tungo sa agro industriyal:

**SAPAGKA'T,** ang pagkakaroon ng karagdagan establisiyemento ay makakatulong para sa kaunlaran ng nasabing barangay, na makakatulong sa pagbalanse ng pag-unlad ng bawat barangay sa bayan ng Bustos, Bulacan;

**SAPAGKA'T,** ang pagkakaroon ng karagdagang Negosyo ay makakatulong sa pagtaas ng antas ng pag-eempleyo at kabuhayan sa mga mamamayang Bustosenyo;

**SAPAGKA'T,** ang establisiyementong itatayo sa nasabing lupa ay hindi makakasira sa kalikasan, kapaligiran at kalusugan ng mga mamamayang nakapalibot rito.

**SAPAGKA'T,** ang mga nasabing lupain ay hindi na ginagamit sa gamit agricultural at mas magiging kapakipakinabang kung gagamitin sa gamit pang-industriyal.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. SOLIMAN C. SANTOS**, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng mga Kasangguning dumalo sa pulong na ito:

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA** na pagtibayin ang kahilingan ni G. Vincent L. Yu, para sa muling pag-uri o pagreklasipika ng lupang isinasalarawan sa Transfer Certificate of Title No. 039-2021001339 na may kabuuang sukat na siyam na libo dalawang daan at pitumpu't isa metro kwadrado (9,271 SQ.M.), na nakadatal sa Barangay Buisan, Bustos, Bulacan mula agrikultural tungo sa agro industriyal.

**SA PASUBALI,** na ang may-ari ng nasabing lupa ay tatalima sa lahat ng regulasyon, batas at patakarang itinatadhana ng batas bago magamit ang nasabing lupa sa industriyal.

**SA PASUBALI,** pa na ang establisiyementong itatayo sa nasabing lupa ay hindi magiging sanhi ng pagkasira ng kapaligiran o magdudulot ng polusyon at hindi magdudulot ng panganib o kapahamakan sa buhay at kalusugan ng mga mamamayan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-29 ng Mayo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Nina Nikkie Perez**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wyner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**PAGPAPATUNAY:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-29 ng Mayo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim

*Sinang-ayunan:*

Nilagdaan ngayong ika-___ ng _______________ 2023

**FRANCIS ALBERT G. JUAN**
Punong Bayan